# Iba't Ibang Anyo ni Tatay Isko



# Iba't Ibang Anyo ni Tatay Isko



*Learning Competencies*

*Discusses the importance of planting and propagating trees and fruit bearing trees and marketing seedlings*

*Conduct a survey to identify:*

*a. trees appropriate for orchard gardening based on location, climate and market demands, propagating tress and fruit bearing trees (budding, marcotting, grafting)*

*b. how to take care of seedlings*

*c. performs systematic and scientific ways of caring orchard trees/ seedlings such as watering, cultivating, preparing and organic fertilizers.*

*d. markets fruits and seedlings.*

Treasury of Storybooks

* * * * * * * * * * * * * * * * * * *

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval of conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assembles and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended.

DEVELOPMENT TEAM



Sa tuwing papatak na ang alas-otso ng umaga lalo na sa araw ng Sabado, maririnig ko na ang boses ng aking Nanay Flora.

"Etoyyyyy!" malakas at mahabang tawag niya sa aking pangalan mula sa kusina.

Kahit ako ay nakahiga pa sa kama, pupungas-pungas ang mata at uunat-unat pa ng kamay ay nalalanghap ko na ang amoy ng bagong lutong pagkaing inihanda niya. Amoy masarap at nakatatakam ito. Binalot ni Nanay ang niluto niya sa dahon ng saging. Nagtimpla pa nga ito ng mainit na kape at isinalin sa maliit na termos. Pagkatapos ay mabilis niyang inilagay ang mga ito sa basket na gawa sa ratan.

Handa na ang miryenda ni Tatay Isko.







Bago makarating sa manggahan na kinaroroonan ni Tatay, may makitid na pilapil sa gitna ng palayan ang kailangang daanan. Marahan ang aking mga lakad. Para akong nagsasayaw nang mag-isa sa itaas ng makitid na bangko.

Habang naglalakad ako ay bigla kong naalala ang usap-usapan sa aming baryo. Si Tatay raw ay hindi ordinaryo at nagpapalit pa ng anyo lalo na tuwing nasa manggahan. Wala namang mahika o anting-anting si Tatay para magpalit ng ibang anyo. Kaya ba niyang maging isang kuneho? Hindi naman siguro. Sigurado akong hindi siya nagpapalit ng anyo katulad ng kapre o tikbalang dahil kilala ko ang aking ama. Wala namang kahina-hinala sa kaniya.

Malapit na ako sa manggahan. ‘Yan na! Tanaw ko na si Tatay.





Ilang Sabado na rin na dinadalhan ko ng miryenda si Tatay. Sa bawat punta ko ay wala naman akong nakikitang kakaiba sa kaniya maliban sa lagi siyang abala sa iba't ibang gawain. Si Tatay ay isang magsasaka at wala itong kapaguran. Para siyang makina na laging puno ang baterya. Sana ay sandaling huminto ang oras upang siya ay makapagpahinga muna.

"Tay, nandito na po ang inyong miryenda!" yaya ko sa kaniya.

Tinanggal niya ang kaniyang sombrero at iwinagayway. Senyales na narinig niya ang pagtawag ko.

"Ano ba ang miryendang dala mo ngayon, Etoy?" tanong sa akin ng aking ama.

"Sandali lang po, 'Tay at ilalabas ko sa basket."

"Sapin-sapin po yata ito," nag-aalangang sagot ko sa kaniya.

"Parang palitaw 'yang dala mo," pagtatama niya sa akin nang may halong ngiti sa kaniyang mukha.

"Ganoon po ba? Paano n'yo po nalaman, ''Tay?" tanong ko kay Tatay Isko.

"Siyempre naman! Iyan kasi ang paborito kong kakanin at alam iyan ng nanay mo," sagot ni Tatay sabay subo sa miryendang dala ko.




Noong mga nakaraang lingo ay puto at kutsinta ang pinadalang miryenda ni Nanay. Habang inihahanda ko ito ay nakita ko si Tatay na may kausap na tao na nagmula pa sa kabilang baryo. Nagtanong ang mga ito kung kailan sila dapat magtanim ng punong namumunga. Pakiwari ko, si Tatay ay biglang naging isang guro. Mas mabilis pa sa trumpo ang pagpapalit niya ng anyo. Kumuha siya ng mga punla at kaniya itong ipinakita sa mga kausap.

"Dito sa Pilipinas ay may dalawang klase ng panahon," pagsisimula nito. "Mainam na tuwing tag-ulan tayo magtanim. Mas mabuti kung gagawin ito mula buwan ng Hunyo hanggang Oktubre. Ito ay makapagbibigay ng sapat na tubig sa mga ugat ng mga punla o bagong tanim na puno," dagdag pa nito.

Narinig ko rin kay Tatay na tuwing tag-araw naman ay magandang magtanim ng prutas at gulay katulad ng pakwan at kalabasa.









Minsan naman, ang dala ko para kay Tatay ay biko. Habang tinatanggal ko ito sa pagkakabalot, siya ay parang naging isang doktor ng mga napilayan. Nakita ko kasing tinatalian niya ang mga sanga ng punong mangga katulad ng pagbibigay ng paunang lunas sa batang napilayan ang paa. Una, tinanggal niya ang balat ng sanga saka kinaskas ang panlabas na hibla nito. Matapos ay kumuha siya ng lumot at lupa saka nito binalot ng bunot ng niyog. Sa huli ay tinalian na ang sangang hawak-hawak niya.

“Para saan po ba iyan, Tatay at kailangan pang talian ang sanga?” pagtataka kong tanong.

“**Marcotting** ang tawag dito, anak. Ginagawa ito sa sanga habang ito ay hindi pa nahihiwalay sa puno lalo na sa mga punong matagal tumubo. Ito ay artipisyal na paraan upang mas maparami ang mga pananim.”





Maliban doon ay nakita ko rin si Tatay na pinagsasama o pinagdidikit ang sanga ng isang puno sa isa pang puno na nakalagay sa paso. Pinagmasdan ko ang buong proseso mula simula hanggang sa ito ay matapos. Tinawag ako ni Tatay at nakangiting sinabi, “Subukan mo ngang gawin ang ginawa ko!”

Bigla akong natakot ngunit ang sabi niya, “Kaya mo rin ang ginawa ko, anak!”

Nawala ang aking kaba at tumaas ang aking kumpiyansa. Pumili siya ng dalawang halaman na dapat ay magkapamilya raw at ibinigay sa akin. Sinimulan ko na ang pagdudugtong ng supang o **shoot** ng punla sa sanga o **stock** ng ibang punlang nagtataglay ng mga ugat. Matapos nito ay hinawakan ni Tatay ang isa kong kamay at ginabayan ako sa tamang pagtatali ng sanga.

“**Grafting** o paghuhugpong naman ang tawag diyan, Etoy!” wika ni Tatay na mukhang nakuntento sa aking natapos.

“Ginagawa iyan upang pagsamahin ang magandang katangian ng dalawang puno,” dugtong pa nito.

Si Tatay ay nagiging nars din pala. Matiyaga itong nag-aalaga ng mga punla para matiyak na malusog at maganda ang paglaki ng mga ito. Siya ay para ngang nagiging nanay na rin na nag-aalaga ng bagong panganak na sanggol.

“Ang pag-aalaga ng punla ng punong namumunga ay mahalaga sa unang dalawang taon pagkatapos nitong itanim,” turo ng aking ama.

Nagsimula nang magdilig si Tatay. Naglagay pa nga ito ng **fertilizer** o pataba para raw yamabong ang mga sanga. May inilagay din siyang gamot sa ugat ng mga punla upang lalong maging malakas at matibay.

Kita naman sa mga tanim na punla ng aking ama na may sapat silang alaga.





Si Tatay ay nagpalit na naman ng anyo. Para siyang bayani sa kuwento na may hawak na mahabang armas sa tuwing may darating na kalaban. May suot pa nga itong makapal na pulang guwantes, **mask**, salamin at sumbrero. Kompleto ang kasuotan katulad ng paborito kong **superhero**.

"Iyan ang kalaban ng bawat magsasaka," sabi ng aking Super Tatay habang nakatingin sa mga kulisap at peste.

Saglit muna akong pinalayo ni Tatay. Gamit ang pang-**spray** na hinaluhan ng **insecticide**, walang takot niyang  binomba ang mga naninira ng pananim.

"Kailangan po ba talagang bombahin ang mga iyan?" tanong ko kay Tatay.

"Oo, anak. Kailangang gawin ito upang puksain ang sumisira ng mga pananim. Wala ng mangga, santol o iba pang prutas na kakainin kung hindi natin sila papatayin."

"Ikaw, kaya mo bang walang mangga ang paborito mong **mango shake**?" biro niya sa akin.

Nagtanggal siya ng guwantes at naghugas ng mga kamay. Saka niya kinain ang dala kong sapin-sapin.







Noong minsang dala ko ay pitsi-pitsi, biglang may kumpulan ng tao sa manggahan. Paglapit ko ay nakita ko si Tatay na parang abogado na ipinaglalaban ang karapatan ng walang boses na kalikasan. Noon ko lang nakitang nagalit ang aking ama. Mayroon kasing mga kabaryo ang nagtatapon ng basura sa loob ng manggahan. Ang masama pa nito ay kanilang sinusunog ang mga basurang itinapon.

"Irespeto natin ang ating kapaligiran. Mukhang maliit sa inyong paningin ang inyong ginagawa ngunit malaki ang magiging epekto nito sa atin. Baka madamay at masunog pa ang mga puno rito sa manggahan," malakas na sabi ni Tatay.





Isang umaga, dala ko ang miryendang suman ni Tatay. Nakita ko na may isang trak na katamtaman ang laki ang dumating. Lamapit ako at nakita ang aking ama na may kausap na isang lalaki. Sa hindi kalayuan ay napansin ko naman ang mga lalaking nagbubuhat ng maraming tiklis na naglalaman ng bagong pitas na mangga at pinapasok sa trak na dala nila.

Muling nabaling ang atensiyon ko kay Tatay Isko. Napansin ko na may dala siyang listahan. Nakasulat dito kung ilang kilo ang kanilang nakuha.

“Nasa walong daang kilo ng mangga ang inyong nakuha. Bale walumpung libong piso ang lahat ng inyong babayaran,” sabi niya sa kausap.

“Wala bang tawad kahit kaunti lang, Mang Isko?” pabirong sabi ng kausap na lalaki.

“Mahina ang kita ngayon, kaibigan. Dadagdagan na lang kita ng ilang mangga para sulit ang pagpunta ninyo rito,” alok ni Tatay.

Matapos nito ay inabot ng kausap ni Tatay ang pera sa kaniya. Kaagad naman niyang binilang ang mga ito. Inulit pa nga niya ang pagbibilang para masigurong tama ang ibinayad. Ilang sandali pa ay nakaalis na ang trak na puno ng mangga. Sabi ni Tatay ay ibebenta raw iyon sa palengke.

Sa araw na iyon, nakita kong si Tatay ay hindi lang magsasaka kundi isang negosyante rin.





Bitbit ko pa ang basket na may lamang bibingka nang makita ko si Tatay na nagpupulot ng nagkalat na bungang mangga. Kita sa kaniyang mukha ang pagkalungkot sa nangyari. May dumating kasing malakas na bagyo sa aming bayan, isang araw pa lang ang nakalilipas. Maraming puno ang natumba sa manggahan. Nagliparan din ang mga dahon sa lupa.

"Tay, bakit pa po ninyo pinupulot ang mga nahulog na mangga?" nag-aalalang tanong ko sa aking ama.

"Hindi pa naman sira ang mga bungang ito, anak. Sayang naman kung itatapon lamang. Maaari mo ba akong tulungan sa pagpupulot ng mga ito upang maipamahagi at mapakinabangan ng ating mga kabaryong nasalanta rin ng bagyo?"

Habang sinasabi iyon ni Tatay ay mas lalo akong humanga sa kaniya. Hindi lang siya ordinaryong magsasaka para sa akin kundi isang mabuting samaritano rin.







Sa tuwing ako ay lalakad na sa pilapil, hindi ko mapigilan ang aking isip na magtanong, “Ano kayang espesyal na sangkap ang hinahalo ng aking ina sa mga miryendang inihahanda niya? Mukha kasing laging magana at hindi napapagod si Tatay sa trabaho.”

Iba-ibang uri ng kakanin ang madalas na laman ng basket na bitbit ko. May puto, kutsinta, suman at biko. Ang nakikita ko naman minsan na laman nito ay pitsi-pitsi, sapin-sapin, bibingka at palitaw. Natutuhan daw ni Nanay ang paggawa ng mga ito sa kaniyang lola. Kakanin daw ang madalas na ihanda tuwing may salo-salo sa kanila dahil ito ay nagsisimbolo kung gaano katamis at kalapit ang buong pamilya.

Alam kong si Tatay ay isang magsasaka pero sa tuwing makikita ko siya ay laging nag-iiba ang karera. Parang aktor na iba-iba ang karakter sa iba’t ibang tagpo. May madyik kaya ang luto ni Nanay at nagiging guro, doktor, nars, abogado, negosyante, samaritano at superhero si Tatay?





Minsan ay nakakuwentuhan ko si Nanay at ako ay napatanong, “Bakit po si Tatay ay laging nasa manggahan at doon nagtatrabaho?”

“Mahal ng Tatay Isko mo ang manggahan dahil iyon ay namana pa niya sa kaniyang lolo. Ito ay unang pinatamnan ng punong mangga ng iyong Lolo Berting.


“Sino po si Lolo Berting?” tanong ko. Lolo siya ng Tatay mo. Hindi mo na siya naabutan dahil maaga siyang namayapa,” sagot niya.

Ang manggahan ay namana naman ng iyong Lolo Andoy na tatay ng tatay mo,” pagpapatuloy ni Nanay sa kaniyang kuwento.

“Kay Lolo Andoy po? Paano po napunta kay Tatay?” usisa ko.

“Ang iyong tatay ay katulong ng iyong lolo sa manggahan noon. Kaya lang, dahil matanda na at humina na ang katawan ng iyong lolo ay ipinamana na sa tatay mo at siya na ang namahala sa manggahan.”






“Alam mo ba anak na doon sa manggahan na iyon una kaming nagkatagpo ng iyong tatay?’

“Totoo po, Nay?” tanong ko nang may pagkamangha.

“Bumibili kasi kami noon ng aking nanay ng isang tiklis ng mangga para sa darating na pistang bayan. Dahil mas mura na bilhin sa manggahan ang mga pahinog na mangga ay dumiretso na kami roon. Ang nagtitinda noon ay ang tatay mo. Dati siyang modelong kabataan sa ating bayan dahil sa kaniyang angking kasipagan,” nangingiting kuwento ni Nanay.

“Nagkakilala kami ng iyong tatay sa lugar na iyon at saksi ang mga puno ng mangga sa aming pag-iibigan. Inukitan pa nga niya ang isa sa mga puno ng pangalan naming dalawa na may kasamang malaking puso at pana.”

Habang nakikinig sa kuwento ni Nanay ay nangingiti rin ako. Pakiramdam ko ay naroon din ako sa mga tagpong iyon.



Dati, nahihiya pa akong magbitbit ng basket. Baka kasi makita ako ng aking mga kamag-aral at kanilang tuksuhin.

Hindi ko nga rin alam ang pangalan ng mga kakaning inihahanda ni Nanay noong una. Madalas, napagpapalit ko pa ang tawag sa palitaw at sapin-sapin. Ngunit pagkaraan ng ilang linggo, nakabisado ko na rin.

Napansin ko rin ang aking sariling nawiwili sa pagtawid sa pilapil. Sa bawat maingat kong hakbang ay naiisip ko ang maaari kong makita pa kay Tatay sa manggahan. Hindi madali ang trabahong pinili niya pero alam kong ito ay marangal. Ito ang pinagkukunan namin sa pang-araw-araw na pangangailangan.

Gusto kong maging katulad ni Tatay. Gusto ko ring maging isang magsasaka.



Halos araw-araw, gabi na kung umuwi si Tatay. Madalas itong may bitbit na pasalubong galing sa manggahan. Maliban sa mga mangga na nakatanim doon ay mayroon din namang pailan-ilan na punong namumunga kagaya ng atis, suha, tsiko at bayabas. Noong nakaraang linggo nga ay may dala siyang hinog na tsiko dahil kapanahunan daw ng mga ito.

Tahol pa lang ng aso at tunog ng mga yabag ng paa niya, alam ko nang paparating na si Tatay. Nagmamadali akong buksan ang pinto para sa kaniya. Alam kong pagod na siya ngunit mababakas pa rin ang sigla sa kaniyang mukha.

“Anak, pakikuha mo nga ang dala kong pasalubong sa inyo?” nangingiting utos ni Tatay sa akin na parang hindi napagod sa maghapong pagtatrabaho.

“Opo, Tatay,” sagot ko sa kaniya sabay abot sa isang basong malamig na tubig.







Sa mga oras na iyon, hindi na ibang anyo ni Tatay ang aking nakikita. Siya na ang tatay na aking nakamulatan. Ang tatay na haligi ng aming tahanan. Ito ang pinakapaborito kong anyo sa lahat ng kaniyang anyo.





Etoyyyyy!" dinig ko na ang boses ni Nanay. Hudyat na ito na tapos nang ihanda ang niluto niyang miryenda. Bibitbitin ko na naman ang basket na may kasamang mainit na kape sa termos at tutungo na sa manggahan.

Mukhang hindi pamilyar sa akin ang niluto ni Nanay ngayon. Parang dilaw na kakanin na may halong makukulay na gulay at karne ng manok. Mukhang kakaiba. Mukhang magugustuhan ni Tatay.

Nararamdaman kong mayroong magandang mangyayari ngayong araw. Parang may malalaman at matutuklasan na naman ako tungkol sa aking ama.

"Ano kaya ang magiging anyo ni Tatay Isko ngayon?" tanong ko sa aking sarili.







Alas-otso na! Tiyak kong tatawagin na ako ni Nanay para bitbitin ang basket lulan ang bagong lutong kakanin na may kasamang mainit na kape sa termos. Matapos nito ay tutungo na ko sa manggahan para dalhan ng miryenda si Tatay. Sa bawat araw na dadalhan ko siya ng miryenda ay may kakaibang nangyayari sa kaniya. Si Tatay ay nagpapalit ng anyo.